Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

-143-

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

ng mga kagawad na ito ay isaalang-alang. Gayundin ay ipinahayag ni Kag. Lazaga na siya ay tumututol din. Kaya't pinagpasiyahan na ang paghahati ng kapulungan na matapos ay pinagpasiyahan ang:

APPROVED:
RESOLUTION No. 569-'91
PROVINCIAL BOARD
Oktubre 23, 1991

KAPASIYAHAN BLG. 79-'91
(Sa mungkahi ni Kag. Tapangco na pinangalawahan ni Kag. Marcelo)

ANG KAPASIYAHANG NAGTITIBAY SA KAHILINGAN NI G. MARCELINO DICTADO, MAY-ARI NG SANTA ROSA COLISEUM NA MAKAPAGDAOS NG "SPECIAL SABONG" SA SETYEMBRE 2, 3, 4, 9, 10, 11, 16, 17, 18, 23, 24, 25, 30 at OKTUBRE 1 at 2, taong 1991, AT KAUKULANG PAGLILIWAT NITO SA PHILIPPINE GAMEFOWL COMMISSION.

YAYAMANG, sa pamamagitan ng paghahati ng kapulungan at nangyaring sina Kagawad TAPANGCO, MARCELO, TIONGCO, GIRONELLA, MANGAHIS at PUZON ay bumoto upang mapagtibay ang kahilingan ng pagdaraos ng "Special Sabong" at sina Kag. Perez at LAZAGA ay di-Sumangayon at si Kag. ENTENA naman ay Di-Lumahok sa pagtitibay ay:

IPINASISIYA, tulad ng dito'y ginagawang PAGPAPASIYA at ngayon nga ay IPINASIYA ang pagtitibay sa kahilingan ni G. Marcelino Dictado na makapagdaos ng Special Sabong sa Setyembre 2, 3, 4, 9, 10, 11, 16, 17, 18, 23, 24, 25, 30 at Oktubre 1 at 2, taong 1991, at kaukulang pagliliwat nito sa Philippine Gamefowl Commission.

***************

Ipinaalam naman ni Kag. Puzon sa kapulungan, katulong si Kag. Gironella ang pagdaraos ng patimpalak sa pagkatha ng tula, pagbigkas ng tula at talumpati na gaganapin sa Ika-29 ng Agosto, 1991. Kaya't pinagtibay ang:

KAUTUSANG BAYAN BLG. XLVI-'91 (96)
(Sa mungkahi ni Kag. Gironella na pinangalawahan ni Kag. Puzon)

ANG KAUTUSANG BAYAN

na nagtitibay ng paglalaan ng halagang APAT NA LIBO LIMANG DAANG PISO (₱4,500.00) na kukunin sa Cultural Funds upang iukol sa salaping gantimpala para sa Paligsahan ng Pagkatha ng tula, Pagbigkas ng tula at Pagtatalumpati bilang pagdiriwang ng Linggo ng Wika.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

ANTONIO B. DICTADO
Pangalawang Punong-bayan
Nanunungkulang Punong-bayan

APPROVED:
RESOLUTION No. 569-'91
PROVINCIAL BOARD
Oktubre 23, 1991

EMILIO M. TIONGCO
Kagawad

RUFINO P. TAPANGCO
Kagawad

ERIC T. PUZON
Kagawad

URIEL T. MANGAHIS
Kagawad

ADELO T. PEREZ
Kagawad

AVELINA R. GIRONELLA
Kagawad

REYNALDO C. ENTENA
Kagawad

ALICIA C. LAZAGA
Kagawad

RAMON G. MARCELO
Kagawad